Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon X- Hilagang Mindanao
SANGAY NG LUNGSOD NG MALAYBALAY
Purok 6, Casisang, Lungsod Malaybalay

ADBAYSORING PANSANGAY

PARA SA: Tagamasid sa Filipino, Tagamasid Pampook, Distrik Filipino Koordineytor
Kaguruan ng Filipino
Ulong Guro sa Antas Elementari at Antas Sekondari
Sekondari at Tersari sa Publiko at Pribadong mga Paaralan
Sangay ng Lungsod ng Malaybalay

DA 2018-02-028
DepED-MALAYBALAY
RELEASE
DATE: MAR 05 2018 TIME: 10:44
BY: Tene

BUHAT KAY: **EDILBERTO L. OPLENARIA, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

PAKSA: **PAMBANSANG REORYENTASYON SA PANITIKAN**

PETSA: Marso 2, 2018

Kalakip nito ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 021 s. 2018 at liham paanyaya para sa kaguruan sa Sangay ng Lungsod ng Malaybalay na inorganisa ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at ng Sentro at Kultura sa Rehiyon X sa Bukidnon State University, Lungsod ng Malaybalay na may tatlong araw na seminar worksyap sa Filipino na gaganapin sa BSU Audio Visual Center sa darating na Abril 18 – 20, 2018. May **rehistrasyon** ang nabanggit na seminar sa **halagang isanlibo't limang daan (Php 1500.00)** na gugulin para sa limang meryenda at dalawang pananghalian, sertipiko, seminar hand outs at iba pa.

Kalakip din ng liham na ito ang kalatas mula sa tagapangulo , matriks ng pagsasanay at interesadong kalahok na hangad sasali sa tatlong araw na seminar worksyap ay ninais na sususulat ng liham intensyon tungo sa Tagapamanihala ng Paaralan atensyon : Maria Concepcion S. Reyes EPS Filipino na may rekomendasyon mula sa kanilang punong- guro. Pakihanda na rin ng Travel Authority para sa madaliang paglalagda ng Tagapamanihala ng mga Paaralan .

Para sa ibang mga detalye, pwede ring pong makipag - ugnayan kay Dr. Rodello D. Pepito sa mobile phone bilang 0955- 286-7014.

Para sa kaalaman at patnubay sa mga kinaukulan.

Department of Education
Region x- Northern Mindanao
DIVISION OF MALAYBALAY CITY
Purok 6, Casisang, Malaybalay City

_____

Date

TRAVEL AUTHORITY

To: _____

_____

_____

(School)
This Division

You are hereby authorized to travel on Official time only to BSU Audio Visual Center Auditorium Malaybalay City on April 18 – April 20, 2018 to participate in the Pambansang Reoryentasyon sa Panitikan.

Issued this _____ day of April, 2018 at Malaybalay City Division.

Approved :

EDILBERTO L. OPLENARIA, CESO VI
Schools Division Superintendent

BUKIDNON STATE UNIVERSITY
Sentro sa Wika at Kultura (R-X)
Malaybalay City, Bukidnon, 8700

A special place
For teaching
And learning

26 Pebrero 2018

DR. EDILBERTO L. OPLENARIA, CESO VI
Superintendent
Departamento ng Edukasyon
Dibisyon ng Malaybalay
Probinsiya ng Bukidnon

Kagalang-galang na Dr. Oplenaria:

Maayad ha aldaw!

Ipinababatid po sa inyong butihing tanggapan ang pagdaraos ng tatlong araw na seminar worksyap sa Filipino na may pamagat na PAMBANSANG REORYENTASYON SA PANITIKAN na inorganisa ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at ng Sentro sa Wika at Kultura sa Rehiyon X (SWK-X) sa Bukidnon State University, Lungsod Malaybalay, Bukidnon at ng Davao Oriental State College of Technology, Davao Oriental. Ang nabanggit na seminar po ay gaganapin sa BSU Audio Visual Center at Auditorium ngayong darating na Abril 18 hanggang 20 nitong taon. Ang rehistrasyon po sa seminar na nabanggit ay isanlibo't limang daan (PHP1,500) na gugulin para sa limang meryenda at dalawang pananghalian, sertipiko, seminar hand outs at iba pa.

Layunin ng seminar na matalakay ang iba't ibang isyu hinggil sa pagtuturo ng panitikang Filipino; mailahad ang iba't ibang paraan upang mapahusay ang pagtuturo ng panitikan; at maitaas ang antas ng kamalayan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan.

Bunga po nito, maaari po bang makapagpalaganap ng mga paanyaya sa inyong kaguruan na nagtuturo sa asignaturang Filipino, mga gurong nagtuturo gamit ang Filipino, mga prinsipal at iba pang kawani ng pamahalaan; at sa mga pribadong paaralan sa inyong rehiyon? Isa pong malaking utang na loob sa inyo ang inyong pagpapatibay nitong liham kahilingan na ito. Gayundin, hinihiling din po sa liham na ito ang inaasahang *memorandum at advisory* na gagamitin ng nakalagda para sa paanyaya sa mga guro na sasali sa seminar.

Kalakip din po sa liham na ito ang kalatas mula sa Komisyon ng Mataas na Edukasyon na may petsang Disyembre 8, 2017 at ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 21 s. 2018 mula sa Departamento ng Edukasyon na may petsang Pebrero 7, 2018 at ang kopya ng panukalang programa na mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

Para po sa ibang mga detalye, pwede rin pong makipag-ugnayan kina Gng. Lourdes Z. Hinampas sa mobile phone bilang 0942-989-2458, at Dr. Rodello D. Pepito sa mobile phone bilang 0955-286-7014.

Maraming salamat po. Pagpalain nawa kayo ni Magbabaya!

Lubos na gumagalang,

Dr. Rodello D. Pepito
Direktor, Sentro sa Wika at Kultura (R-X)
Bukidnon State University

Republic of the Philippines
Department of Education

07 FEB 2018

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 021 , s. 2018

MGA PROGRAMA NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO SA TAONG 2018

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng mga sumusunod na **gawain sa taong 2018**:

Programa	Layunin	Petsa at Lugar	Mga Kalahok
Pambansang Seminar sa Pagtuturo ng Panitikang *Gender-Based*	• Matalakay ang iba't ibang isyu hinggil sa pagtuturo ng panitikang Filipino na nakatuon sa kasarian at paglalarawan sa babae • Mailahad ang iba't ibang paraan upang higit na mapahusay ang pagtuturo ng mga guro sa panitikang *gender-based* • Maitaas ang antas ng kamalayang pangkasarian ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan	Pebrero 21-23, 2018 Mariano Marcos State Univesity Laoag, Ilocos Norte Abril 28-30, 2018 Benguet State University La Trinidad, Benguet Mayo 24-26, 2018 Naval State University Naval, Biliran Setyembre 21-23, 2018 (tentatibong petsa) West Visayas State University Lungsod Iloilo	Guro mula sa iba't-ibang pampubliko at pampribadong paaralan sa elementarya at sekundarya
Pambansang Reoryentasyon sa Panitikan	• Maipabatid ang iba't ibang lapit sa pagtuturo ng panitikan • Mailahad ang panukalang listahan ng mga rekomendadong akdang pampanitikan	Abril 18-20, 2018 Bukidnon State University Malaybalay, Bukidnon Mayo 10-12, 2018 Central Bicol State University Pili, Camarines Sur Oktubre 28-30, 2018 (tentatibong petsa) DepEd Pangasinan	Superbisor at guro sa Filipino mula sa iba't-ibang pampubliko at pampribadong paaralan sa elementarya at sekundarya

Programa	Layunin	Petsa at Lugar	Mga Kalahok
Seminar sa Pagsulat ng Korespondensiya Opisyal, Ortograpiyang Pambansa, at Manwal sa Masinop na Pagsulat	• Buklurin ang mga ahensiya ng pamahalaan upang tupdin ang tadhana ng batas at kautusan • Magamit ang Filipino sa opisyal na transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya	Enero-Disyembre (nakadepende sa petsa na itatakda ng ahensiya at lokal na yunit ng pamahalaan (LGU)	Lahat ng kinauukulang kawani ng gobyerno

2. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- **Gng. Lourdes Z. Hinampas**
- **Gng. Pinky Jane S. Tenmatay**
- **Gng. Miriam P. Cabila**

Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/P Watson Building, 1610 JP Laurel St.
San Miguel, Maynila
Telepono: (02) 252-1953
Mobile: 0929-876-5856
0927-853-1047
0942-989-2458
Email: jinghinampas@gmail.com
pinkyjanes10matay@gmail.com
miriam.cabila@yahoo.com

3. Hinihiling ang malawakang pagpapapalaganap ng Memorandum na ito.

LEONOR MAGTOLIS BRIONES
Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 51, s. 2016

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

LEARNING AREA, FILIPINO
SEMINARS
TEACHERS

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION

KALATAS MULA SA TAGAPANGULO

PARA SA : **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON**
LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD

PAKSA : **PARTISIPASYON SA PAMBANSANG REORYENTASYON SA PANITIKAN 2018 NA INORGANISA NG KOMISYON NG WIKANG FILIPINO**

PETSA : Disyembre 8, 2017

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No. 7722* na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"* malugod na inieendorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Komisyon ng Wikang Filipino para sa suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Sa hangaring maitampok ang panitikang Filipino, magdaraos ang Komisyon sa Wikang Filipino at mga ka-tagapagtaguyod na unibersidad at kolehiyo ng Pambansang Oryentasyon sa Panitikan para sa taong 2018. Layunin nitong matalakay ang natatanging katangian ng panitikang Filipino, mailahad ang mga maka-Filipinong pananaw sa pagtuturo ng panitikan, maipabatid ang iba't ibang lapit sa pagtuturo ng panitikan, at mailahad ang panukalang listahan ng rekomendadong aklang pampanitikan.

Ang seminar na ito ay bukas sa lahat ng mga guro mula sa iba't ibang unibersidad at kolehiyo. Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay BOLUNTARYO. Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Administrative Order No. 103*.

Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino sa pamamagitan nina:

Pinky Jane Santelices-Tenmatay
pinkyjanes10matay@gmail.com
(02) 252-1953

Lourdes Z. Hinampas
jinghinampas@gmail.com
(0942) 989-2458

Hinihiling ang maiawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.

2017 1208-020_KWF Pambansang Reoryentasyon sa Panitikan

Pambansang Reoryentasyon sa Panitikan

Bukidnon State University
18-20 Abril 2018

8:00-9:00	Pagpapatala	
9:00-9:20	Panalangin	
	PambansangAwit	
	Bating Pagtanggap	
9:20-10:45	Panitikan para sa Edukasyon	**Virgilio S. Almario** Pambansang Alagad ng Sining Tagapangulo, KWF
10:45-11:00	Meryenda	
11:00-12:00	Malayang Talakayan	
12:00-1:00	Tanghalian	
1:00-2:30	Katangian ng Panitikang Filipino	**Virgilio S. Almario** Pambansang Alagad ng Sining Tagapangulo, KWF
2:30-2:45	Meryenda	
2:45-4:15	Maka-Filipinong Pananaw: Mga Lapit sa Pagtuturo ng Panitikan	
	Tagapanayam 1: Tuon sa Panitikang-Bayan (Tula)	**Dr. Michael M. Coroza** Pamantasang Ateneo de Manila
4:15-5:00	MalayangTalakayan	
8:00-8:30	Pagpapatala	
8:30-10:00	Maka-Filipinong Pananaw: Mga Lapit sa Pagtuturo ng Panitikan	
	Tagapanayam 2: Tuon sa Panitikang-Bayan (Epiko)	**Dr. Rosario C. Lucero** Unibersidad ng Pilipinas
10:00-10:15	Meryenda	
10:15-11:45	Maka-Filipinong Pananaw: Mga Lapit sa Pagtuturo ng Panitikan	
	Tagapanayam 3: Tuon sa Prosa	**Dr. Alvin B. Yapan** Pamantasang Ateneo de Manila
11:45-12:15	MalayangTalakayan	
12:15-1:00	Tanghalian	
1:00-2:30	Maka-Filipinong Pananaw: Mga Lapit sa Pagtuturo ng Panitikan	**Dr. Jerry C. Respeto** Pamantasang Ateneo de Manila
	Tagapanayam 4: Tuon sa Dula	
2:30-2:45	Meryenda	

2:45-4:15	Estado ng Panitikan sa Rehiyon: Panitikang Ilokano	**Prop. Junley L. Lazaga** Unibersidad ng Pilipinas-Baguio
4:15-5:00	Malayang Talakayan	
8:00-8:30	Pagpapatala	
8:30-10:00	Estado ng Panitikan sa Rehiyon: Panitikang Sebwano	**Kom. Hope Yu** Komisyon sa Wikang Filipino
10:00-10:15	Meryenda	
10:15-11:45	Estado ng Panitikan sa Rehiyon Panitikang Mindanao	**Prop. John B. Bengan** Unibersidad ng Pilipinas- Mindanao
11:45-12:15	Malayang Talakayan	
12:15-12:45	Pampinid na Palatuntunan	
	Impresyon mula sa kalahok	
	Pampinid na Pananalita	

BUKIDNON STATE UNIVERSITY
Sentro ng Wika at Kultura (R-X)
Malaybalay City, Bukidnon, 8700

A special place
For teaching
And learning

PAMBANSANG REORYENTASYON SA PANITIKAN 2018
Abril 18-20, 2018
BSU Auditorium/BSU AVC

I. Larawan ng Seminar:

Ang **Pambansang Reoryentasyon sa Panitikan 2018** ay serye ng seminar na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino sa pakikipagtulungan ng mga Sentro ng Wika at Kultura (SWK) sa **Bukidnon State University (BUKSU) at ng Davao Oriental State College of Science and Technology (DOSCST)** bilang pagtupad sa hangaring maitampok ang panitikang Filipino. Layunin nitong matalakay ang natatanging katangian ng panitikang Filipino, mailahad ang mga maka-Filipinong pananaw sa pagtuturo ng panitikan, maipabatid ang iba't ibang lapit sa pagtuturo ng panitikan, at mailahad ang panukalang listahan ng rekomendadong akdang pampanitikan.

Naunang dumalo ang mga direktor ng SWK sa seminar na ito noong 9 Setyembre 2016 sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon. Kaya't nitong taon, nangunguna po ang BukSU at DOSCST sa pagdaraos ng pambansang seminar workshop na ito.

II. Rasyonal

Alinsunod sa partikular na probisyon ng Republic Act No. 7722 (R.A. 7722) na kilala rin bilang *Higher Education Act 0f 1994* ay malugod na hinihikayat ng Lalong Mataas na Edukasyon o CHED, ng Kagawaran ng Edukasyon o DepEd at ng Sentro ng Wika at Kultura o SWK ang pakikilahok ng mga guro sa iba't ibang antas mula elementarya hanggang kolehiyo, mapapubliko at pribadong sektor, na makilahok sa anumang palihan sa Filipino na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino lalo na ang paksa ay ang ***Pambansang Reoryentasyon sa Panitikan.***

III. Mga Layunin

Ang sumusunod ay ang layon ng Pambansang Reoryentasyon sa Panitikan:

1. Matalakay ang natatanging katangian ng panitikang Filipino,

2. Mailahad ang mga maka-Filipinong pananaw sa pagtuturo ng panitikan, maipabatid ang iba't ibang lapit sa pagtuturo ng panitikan, at

3. Mailahad ang panukalang listahan ng rekomendadong akdang pampanitikan

IV. Iskedyul

Oras na magugol:	24 na oras
Petsa:	Abril 18-20, 2018
Oras ng Seminar:	Mula ika- 8:00 ng umaga hanggang ika-4:00 ng hapon

Lugar pagdausan: BSU-Audio Visual Center/Auditorium

V. Target na mga Kalahok:

Ang mga kalahok ay ang mga guro at mga mag-aaral sa Filipino, mga guro at mag-aaral sa Literatura, mga guro na nagtuturo gamit ang Filipino at mga guro at mag-aaral sa Sosyolohiya mula elementarya hanggang tersyarya. Ang mga kalahok na ito ay magiging mula sa publiko at pribadong paaralan.

Ang tentatibong bilang ng mga kalahok ay aabutin nang mahigit sa isandaan o higit pa sa inaasahang bilang na mga kalahok na opisyal at boluntaryong makilahok.

VI. Kagamitan sa Seminar:

Mga handouts sa seminar	Registration form
Sertipiko	Evaluation form
Tarpaulin	Envelopes
Bolpen	Name Tag

VII. Elektronikong Kagamitan:

DLP, DVD, Mini speakers, Laptop, Mikropono at iba pa

VIII. Ebalwasyon

May inihandang ebalwasyon sa seminar ang KWF at SWK. Ang aktibong pakikilahok ng mga kalahok sa seminar ay inaasahang makatutulong sa pagkamit ng mithiin ng BukSU, DOSCST, KWF, at SWK. Magagamit ang matutuhan sa seminar-workshop sapagkat aayusin, rebisahin na ng mga guro ang kani-kanilang pananaw ukol sa pagtuturo ng panitikan.